SAMPUNG TULA PARA SA MGA BATA
Carlos Palanca Memorial Awards Entry

1. GAGAMBA

Ay kuya, nakita ko sila
Itim, bilugan at walo ang paa
Paduyan-duya sa puno ng acasia
Maging sa ipil ay may sapot sila

Gagambang talangka, dangkawan kaya?
Kantulis, gagambang melon o gagambang mangga
Sa ilalim ng bato ay marami rin sila
Gagambang bato ang tawag nila

Bakit hugis-krus ang sapot ng pari
At ang iba sa linya ng kuryente nakasabit?
Gagambang atsuwete raw kung pula ang dibdib
At ang kantulis, makikita sa siit

Alam ko pain sa isda ang gagambang palay
May dalang itlog ang gagambang patot
Ngunit saan ko mahuhuli ang gagambang kanobok
Sa ilalim ba ng batuhan, lutuan o batalan?

Ang gusto kong gagamba ay gagambang matapang
Marunong lumaban, sanay sa bakbakan
Hindi natatalo, anuman ang peligro
Sige na kuya, hanap mo ako ng gagambang panalo.

2. Puno

Ako ay igagawa ng duyan ni ama
Saan pa kung di sa puno ng mangga
Sa ilalim nito ay malilim at maginhawa
Madahon, matibay at malabay ang sanga

Ngunit di kaya mahulugan ng bunga ng mangga?
Tumama sa ulo, ako ay madisgrasya
Di kaya mabuti pa sa puno ng acasia
Santol, bangkal, catmon o banaba?

Ayaw ni ama sa isis, pakiling at tuwi
Lalo namang ayoko sa puno ng kamatsili
Kung sa puno ng ligas, baka ako ay mangati
Lalo na sa balite, tambayan raw ng kapre

Ano kaya't sa palo-maria o kaya'y madrekakaw?
Sa puno ng calumpit, sampalok at bignay
Mabunga pa naman ang mabolo at makopa
At madawag naman ang paligid ng narra.

Hay, mabuti pa sa silong ng bahay
Kasama ko pa ang aso naming si Bantay
Maglalaro kami sa bago kong duyan
Oo nga, kapiling ko pa ang aso kong kaibigan.

3. Ibon

Ale, mama, nawa'y magdahan-dahan
At baka tamaan ang gawing pugaran
Ng mga tarat, kuwago at bakaw
Gayundin ang kalaga, ulok at kanugtog

Paano na ang bukid kung walang mga tikling
At lumilipad na martines sa maamong hangin
Ang mga ibong kasay-kasay pati na bato-bato
Ay hindi masaya kung walang damo-damo

Ale, mama, nawa'y isipin ninyo
Kawawa naman ang mga anak ninyo
Kung wala nang tika, uwak at tagak
Larawan na lang ang ipakikita ninyo.

4. BUKID

Halika na at maglaro sa bukid na parang
Ang mataas na palay ay gawing taguan
Habulan tayo sa pilapil na daan
Ingat lang at baka pulutin sa kangkungan

Ang pinatigas na putik ay gawing lutuan
Doon sa damuhan ay magkakain-kainan
Kunwari magsisigang ng dahon ng saikan
Gugulayin natin ang bulaklak ng santan

O kaya'y paliparin ang saranggola sa caingin
Mataas ang lipad kung malakas ang hangin
Kung malagot ang pisi at kumawala sa bangin
Hayaan mo na at huwag nang habulin

Kung sa tag-ulan man ay madulas at matubig
Gawing magtampisaw at maglaro sa putik
Baka makahuli ng hito, gurami't bundasi
Huwag lang pakagat sa higad, linta at limatik

Kay sarap talagang maglaro sa bukid
Mamitas ng mangga, maghukay ng apulid
Wag lang uuwi ng marumi at amoy-pawis
Ay naku tiyak yon, ang pwet mo'y hagupit
Araykupp!

5. DIWATA

Diwata sa gubat, diwata ng pag-ibig
Diwata ng bundok, diwata ng tubig
Gisingin mo ang bata kong isip
Hagkan mo ako sa magandang panaginip
Totoo ka ba?
At hindi bola?
Mabait ka ba
Katulad ni Ina?
Kung ganon, iligtas mo ako …
Sa kapre, aswang at espiritung halang
Sa bampira, manananggal at mga tikbalang
Sa w*erewolves*, mangkukulam at iba pang kalaban.

Kaya nga o diwata kong mutya
Bantayan mo ako sa kahina-hinala
Kumot ko'y maiksi, di matakpan ang mukha
Inangkupo, sige na…kalamayin ang takot ng kawawang bata!

6. KALUTO NI LOLA
   (Tula alay kay Mila Enriquez)

   Masarap masustansya ang kanyang lutuin
   Laging may apoy ang munting kalan namin
   Relleno, potsero at egg ala-king
   Mga pagkaing pinatitikim sa amin

   Puto karamba, pamplina at galantina
   Ginulat na tulya at manok na tinola
   Isama mo ang arroz a la cubana
   Paborito ito ng aking ama’t ina

   Ang gusto ko naman ay churros at sinabol
   Choletas na spam at pansit malabon
   Samahan mo pa ng matamis na niyog
   O kaya’y picadilyo at nilagang itlog

   Naaalala ko pa nang sabihin niya
   Na pampagana ang nilasing na mangga
   Paborito ni Rizal ang sopas na monggo
   Manok na potsero ang gusto ni Marcelo

   Wala man si lola at pumanaw na siya
   Ngunit di maaalis sa aking alaala
   Ang apoy sa kalan at mainit na ulam
   Matamis na ngiti at masarap na tawanan.

7. NUNG BATA SI LOLO

Nung bata si lolo at maliit pa si ama
Kaya niya buhatin ang isang tonelada
Ng mais, monggo, palay pati na harina
Isama mo pa ang isang traktora

Nung bata si lolo, kwento ni ama
Kaya niyang araruhin ang limampung ektarya
Tataniman iyon nang walang pahinga
Bukas makalawa, ito ay palay na

Nung bata si lolo, binibida ni ama
Isang buong bahay ang pinapasan niya
Ililipat iyon sa kabilang kalsada
Pagsapit ng hapon, iyon ay nakatayo na

Nung bata si lolo at malinaw ang mata
Wala pang rayuma ang binti at paa
Hindi pa kulubot, makapal pa ang buhok
Hindi pa hukot at uugod-ugod

Ngunit matanda na si lolo, nawika ni ama
Hindi na nakakakilala, ulyanin na ba siya?
Ngunit di bale na, basta masaya siya
Kasama naman niya ang kanyang pamilya.

8. BUNSO

Pikit-dilat
Ang beautiful eyes
Close-open
Ang beautiful hands
Clap clap clap
Pumapalakpak
“Gigil” at “ Apir”
Alam na ni ineng.

Kokak kokak
Bikakang palaka
Meow! Meow!
Ang pusang dilaw
Unga! Ungaaa!
Gutom na kalabaw
Pakainin natin
Ng bayabas na hilaw

Ilong na pango
“Ituro mo, ato.”
Mata na singkit
Na pipikit-pikit
Mula sa bibig
Laway na malagkit
Ngipin sa gilagid
May ngiting kay tamis.

9. Halamang Gamot

Higad-higaran at oregano
Ang gamot sa ubo
Duhat at avocado
Kung masakit ang tiyan ko
Sa lagnat ay damong maria
Ang pinapainom ni ina
At kung ulo naman ay
Dahon ng herba Buena

Pag bagong tuli
Ay bayabas at atis
Panlanggas sa sugat
Ito ay antibiotic
Kung buni at galis
Acapulco ang gamit
Alis galis, walang inis
Tiyak na kinis-kutis

Sabi ni ina
Makahiya sa diarrhea
Sa dengue naman ay
Dahon ng tawa-tawa
Sa rayuma ni ama
Ang mahusay ay luya
Kung sakit sa bato
Buntot pusa at sambong

Ang halaman namin
Ay talagang magaling
Lahat ng sakit
Ay pinapagaling
Ngunit walang papantay
Sa alaga ni nanay
Sa pagmamahal niya
Ay gagaling kang tunay.

10. POLUSYON
(Sabayang bigkas)

Kung gabi at maliwanag ang buwan
Yayain ako ni ama sa duluhan
Magkwewento iyon ng kababalaghan
Ngunit malimit kwento ng katotohanan
“Buwan, buwan, hulugan mo ako ng sundang
Aanhin ang sundang?
Ipantatabas ng kawayan
Aanhin ang kawayan ?
Igagawa ng bangka-bangkaan.
Aanhin ang bangka?”
Bangkang maglayayag sa ilog at karagatan
Karagatan na dati’y puno ng kababalaghan
Ang ilog ay dati’y malalim sa pangisdaan
Ang asuhos at bakuko ay nagpapaligsahan
Pati ang bisugo, dalag, sapsap at talimusak
Ay nagpapapasag at lumulundag-lundag

Ngunit ano ang nangyari sa dagat ngayon ama?
Di ba’t ga-higante ang laki ng pusit dati?
Ang sinlapad ng palad ang tulingan at sapsap
Bakit wala nang pawikan sa dagat?
At panay na payat ang natirang alimasag

Polusyon! Polusyon!
Ang salot na lumalason!
Pumapatay! Pumapatay!
Sa aming kinabubuhay!

Polusyon! Polusyon!
Ang salot na lumalason!
Pumapatay! Pumapatay!
Sa aming kinabubuhay!

Polusyon! Polusyon!
Ang salot na lumalason!
Pumapatay! Pumapatay!
Sa aming kinabubuhay!

“Anak, umasa ka sa tag-ulan
At sa tubig na bubuhos mula sa Diyos
Lilikha Siya ng unos na bubuhay sa ilog
Malilinis ang dumi at salot
Maghihilom ang sugat na likha ng sudsod
At gagalaw na muli ang malakas na agos
Babalik na muli ang kapak at talimusak
Ang nagwelgang lulungi at alimasag
Gigising na muli ang buwan
At magpipista ang buong karagatan”